# *Ang Sulat-Kamay Sa Dingding*

Yamang Miyerkules ng gabi ngayon, nangako ako kagabi na. . .mangungusap, kung ipahihintulot ng Panginoon, ngayong gabi, tungkol sa paksa ng *Ang Sulat-Kamay Sa Dingding*. Ito po'y talagang, oh, maaari tayong maglaan ng maraming sanlinggo sa paksa, at di man lang natin matalakay ang pang-ibabaw na bahagi nito. Pero sisikapin kong balangkasin ang kaunti lang nito ngayong gabi, sa tulong ng Espiritu Santo. At ngayon gusto kong bumasa mula sa Daniel, sa ika-5 kabanata at sa ika-25 talata. At ito ang mababasa Rito:

> *At ito ang sulat na nalagda, MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN.*

At ngayon nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Pagbasa.

2 At ngayon kung maaari kaya na ang butihin nating kapatid, ang tagapag-ingat dito, ay patayin itong maliliwanag na ilaw dito. Ako po'y medyo—medyo. . .Tumatama masyado sa gawi rito. Salamat, po. Hindi ko kasi maaninaw ang mga tagapakinig. Mangyari po na kapag may kakausapin ako, gusto kong tumingin sa kanila sa mukha kapag nakikipag-usap ako. Magiging mas personal ang pakikipag-ugnayan sa mga tao kapag ganoon.

3 Ngayon umaasa tayo sa ating Panginoon, ngayong gabi, habang sinisikap natin mismo na maglaan ng oras ko at magsalita tungkol sa paksang ito. Alam kong malaking paksa ito. At isa itong pang-ebanghelyong gawa-. . .paksa, at hindi para sa Makalangit na pagpapagaling. Pero ito'y para sa higit na kahalagahan ng Makalangit na pagpapagaling. Ang Katawan na may pinakamalalang sakit na alam ko ngayong gabi, ay ang espirituwal na Katawan ng ating Panginoong Jesus, sa lupang ito; talagang gutay-gutay, at bali-bali, na anupa't kailangang-kailangan talaga Nito ng Makalangit na kagalingan.

4 Ngayon, ang paksa natin ngayong gabi ay magsisimula sa Babilonia. At ang Babilonia ay unang natagpuan, na naroon pa rin, sa Shinar. At una itong tinawag na, "ang pintuan ng Diyos," *Babel*. Babel, at kalaunan ay tinawag na *Babilonia*, na ang ibig sabihin ay "kalituhan." At makikita ang Babilonia sa unang bahagi ng Biblia, sa Genesis; at makikita ito sa gitnang bahagi ng Biblia; at makikita ito sa huling bahagi ng Biblia, sa huling Aklat, Apocalipsis. At dahil ito'y nasa buong Biblia, marahil ay umiiral pa rin ito ngayon.

5 At, ganoon din, ang lahat ng bagay na nasa lupa ngayon, sa paraan ng mga espirituwal na bagay, tulad ng Espiritu ng Diyos at ng espiritu ng diyablo, at ang lahat ng mga sekta at lahat ng mayroon tayo ngayon sa mundo, haya’t nagsimula mismo ang mga ito sa Genesis. Ang ibig sabihin ng *Genesis* ay “ang pasimula.” At ang lahat ng mga bagay na ’yun, bagaman nasa ilalim na ng ibang pangalan at nasa iba nang anyo, pero ’yan ay ang siya ring espiritu na nagsimula noon sa Genesis, na inilalabas ito. At para itong isang punongkahoy na lumalaki, paakyat sa ulo, kung saan hahantong itong lahat sa isang rurok sa dulo, para sa mga dakilang paghatol ng Diyos, kung saan tatapusin Niya ang lahat ng mga bagay. At ang lahat ng may pasimula ay hahantong sa katapusan. Yaon lamang mga bagay na walang pasimula ang walang katapusan.

6 Kaya naman ang—ang Cristianong ipinanganak na muli ay walang katapusan, dahil mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan. At ang Buhay na Walang Hanggan ay bahagi ng Mismong Buhay ng Diyos, dahil ang Diyos ay Walang Hanggan. At ’yung mismong salita na ’yun, salitang Griyego na *Zoe* na ang ibig sabihin ay “Buhay ng Diyos,” noong magsalita si Jesus at nagsabi, “Sila’y binibigyan Ko ng Buhay na Walang Hanggan,” ang salita ring ’yun ay ginamit uli. Samakatwid, ang isang tao na naipanganak nang muli, ang espiritu niya ay binago na, at naging bahagi siya ng Diyos, na anupa’t siya’y isang anak ng Diyos. At siya’y Walang Hanggan din kung paanong ang Diyos ay Walang Hanggan, dahil bahagi siya ng Diyos, sa pamamagitan ng kanyang Kapanganakan, espirituwal na Kapanganakan.

7 Ngayon, ang Babilonia ay itinatag ng isang tao na nagngangalang Nimrod, na anak ni Ham, isang napakasamang tao.

8 At ang Babilonia ay minsang naging kabisera ng mundo. Noong maitayo roon itong dakilang lungsod, ang lahat ng mga maliliit na lungsod, sa buong paligid nito, ay nagbabayad ng tributo, buwis, at iba pa, sa dakilang lungsod na ito, na Babilonia.

9 At doon, kung makakapagbasa kayo sa ilan sa mga sinaunang aklat, tulad nung *Two Babylons* ni Hislop, at marami pang mga sinaunang kasaysayan, makikita n’yo na naroon sa kanila ’yung lahat na ng uri ng mga kakaibang doktrina roon. Mayroon silang babae roon, hindi ko lang matandaan ang pangalan niya sa ngayon, at naghahanap siya ng mga kakaibang ugat at. . .mula sa lupa, at gumagawa ng mga diyus-diyosan mula sa mga ’yun. Pinaniniwalaan na ’yun daw ’yung mga diyus-diyosan na kinuha ni Jacob sa kanyang biyenang-lalaki, ’yung ilan sa mga diyus-diyosan na ’yun ng mga ugat at iba pa. Maliliit na ismo sa una, at mula sa mga bagay na ’yun ay umusbong itong mga kulto na nakikita natin sa mundo ngayon. Kung mapapansin n’yo ang kalikasan ng mga ’yun, at

ang kalikasan ng mga bagay na ito ngayon, siyanga't talagang parehong kalikasan.

10 Hayan nga, na naroon mismo ang Babilonia sa malawak na matabang lambak na 'yun, at napapaligiran ito at natutubigan ng Ilog Eufrates, at ng Tigris. At ito'y isang malaking sentro ng agrikultura. At isang dakilang lungsod ang Babilonia. At ito'y, humigit-kumulang, na mga sandaan at dalawampung milya sa palibot ng lungsod; tatlumpung milya sa bawat panig, kaya sandaan at dalawampung milya ang buong palibot. Sinasabi nilang ang mga lansangan daw sa lungsod ng Babilonia ay mga dalawang-daang talampakan ang lapad. Ang mga pader ay walumpung talampakan ang kapal, at halos dalawang-daang talampakan ang taas. Maaari silang magpakarera ng mga karwahe sa palibot ng mga pader na ito, gamit ang mga karwahe. At yari sa tanso ang mga pintuang-bayan, at ang mga pintuang-bayan na 'yun noon ay dalawang-daang talampakan ang lapad. At sa gitna mismo ng lungsod ay naroon ang palasyo, at 'yung palasyo ang trono. At sa gitna ng lungsod ay dumadaloy ang malaking ilog, ang Eufrates. Kung mapapansin n'yo, ito nga'y lungsod ng diyablo, dahil ginaya ang disenyo nito sa Lungsod ng Diyos, ginaya 'yung Ilog ng Buhay sa harap ng Luklukan. At sa lungsod na ito, mayroon silang naglalakiha't, bai-baitang na mga hardin, mula sa mga pader, sa palibot.

11 At 'yun nga'y isang napakadakila't, makapangyarihang bansa noong panahon na 'yun, na anupa't dinaig nito ang kilalang mundo, at ang buong mundo'y nagbabayad ng buwis. Lalo pa itong umunlad sa siyensya, at mayroon itong mga pinakabagong kagamitan na kayang gawin ng siyensya. Mayroon ito nung mga pinakabagong karwahe, pinakabagong disenyo, ang pinakamalakas na mga baluti, at pinakamatitibay na metal. Yun nga'y higit na katangi-tangi para sa iba pang bahagi ng mundo.

12 At pagkatapos sa loob ng mga pader na ito, kung saan ang Haring Beltsazar ay ang hari noong panahon na nangyari ito na pinag-uusapan natin ngayong gabi. Ang Haring Beltsazar, na sinasabi ng Biblia, "Si Nabucodonosor, na kanyang ama," pero sa katunayan ang lolo niya ang pinalitan niya, si Haring Nabucodonosor.

13 At marami sa inyo ang nakakaalala na si Nabucodonosor ang simula ng mga kahariang Gentil, ang ulong ginto. At pumunta siya sa Jerusalem, marami, maraming milya ang layo, at binihag niya ang mga Judio at dinala sila sa kanyang kaharian, at ginawa silang mga alipin, at ginamit nila ang mga siyentipiko nila at kung ano pa.

14 Parang 'yung ginawa ng Rusya noong nagpunta ito sa Alemanya. At 'yun ang dahilan kung bakit may bomba atomika sila, at iba pa, nakuha kasi nila 'yung mga siyentipikong Aleman.

Yun ang dahilan kung bakit napakalayo na ng naabot nila ngayon, binihag nila sila at dinala sila roon. Kung sila lang, wala sila nito, pero nagpunta sila't nakuha ang mga bagay na 'yun na parang 'yung ginawa noon ni Nabucodonosor sa mga Judio.

15 At nalaman natin na, sa panahong ito, may isang taong matuwid na nagngangalang Daniel, isang propeta ng Panginoon, na dinalang bihag noong panahong 'yun. Naglingkod siya bilang isang prinsipe sa lahat ng mga astrologo, at iba pa, at sa mga pantas at sa mga Mago, noong paghahari ni Haring Nabucodonosor.

16 At ngayon ay pumalit na si Beltsazar. Si Beltsazar ay isang masamang uri ng tao. Talagang wala siyang pakundangan.

17 At pagkatapos ang lahat ng mga tao ng Babilonia, na may ganoong seguridad na sa pakiramdam nila'y mayroon sila! Sa sandali kasing mapaloob ka na sa mga pintuang 'yun, at magsara na ang mga pintuan, na may dalawang-daang talampakang pader, walumpung talampakan ang kapal, maiisip n'yo talaga kung gaanong seguridad marahil ang pakiramdam nila sa loob ng mga pader na 'yun!

18 Pero tandaan n'yo mismo ito. Kahit gaano pang seguridad ang ginawa ng siyensya sa iyo, hahanapin at hahanapin ka ng Diyos kapag nagkasala ka! May isa lamang seguridad, at 'yun nga'y kay Cristo Jesus.

19 Ngayon, habang dama nila ang kanilang malaking kahalagahan sa pagiging nangungunang bansa sa mundo, isang napaka tipikal, na modernong sibilisasyon na katulad sa kinabubuhayan natin ngayon, itong nakabibighaning Amerika. At medyo nababagabag ako, mismo, anupa't natatakot ako na nagkakaroon tayo ng parehong pag-uugali na mayroon sila noon. Na pakiramdam natin mayroon tayo, sa tingin natin, nitong pinaka mahuhusay na siyentipiko, at pinaka malalakas na machine gun, at mga bomba atomika, at ang pinaka matutulin na eroplano, at mayroon tayong parang. . .Bilang nangungunang bansa sa mundo, na para bang pakiramdam natin ay ligtas tayo ano't anuman kahit wala ang Diyos.

20 Saktong-sakto nga. At di kailanman nagbabago ang Diyos. Ang saloobin Niya ukol sa kasalanan ay ganoon at ganoon pa rin hanggang ngayon kung paano noon. At walang kublihang dako dito sa ibaba. Tanging kay Cristo ka lang may kasiguraduhan.

21 At sa dakilang lungsod na ito, habang pakiramdam nila'y walang anumang paraan, sa mundo, para masalakay ang lungsod na 'yun ng isang hukbo. Ang malalaki't, matataas na pader, at ang moderno nilang mga kagamitan, at napapaligiran sila ng harang mula sa mundo sa labas. Pero wala silang kamalay-malay na may isang masamang bansa na tinatawag na mga Medo at Persia, na mga Hindu ng bansang India ngayon, mangyari nga na wala silang kamalay-malay na maraming milya

ang layo ay hinuhukay na pala ang ilalim ng ilog, para ilihis ang Ilog Eufrates, para makapagmartsa sila sa ilalim ng mga pader. Yan nga'y sa panahon na pakiramdam nila'y ligtas sila! Ganoon ang pakiramdam nila sa tuwina. Kung ganoon nga ang pakiramdam nila, mangyari nga na lumulusong sila sa kasalanan.

22 Mistula nga na kapag humantong ang tao sa isang kalagayan na pakiramdam niya'y sapat na siya sa sarili niya, unti-unti siyang kakapitan ng kasalanan. Ang iglesya, ang bansa, ang indibiduwal, na ang pakiramdam niya'y hindi na niya kailangan ng kahit anong tulong mula sa labas, hayan nga na nagsisimulang maghari ang kasalanan sa kanya. Totoo 'yan. At mapapansin din natin, siyanga, na kapag nagsisimulang madama ng mga tao ang pakiramdam na 'yun na mas nakatataas siya, kadalasan nga'y nagsisimulang pumasok ang kasalanan at sinisira sila.

23 Kaya noong isinara nila ang mga pintuang 'yun, inakala nilang ligtas na sila. Pero tumutunghay ang Diyos mula sa Kalangitan! "At ang kasalanan ay isang kakutyaan sa alinmang bansa."

24 Iniisip ko, ngayong gabi, kung isasaalang-alang ang lahat nating mga kagamitan, at ating mga submarinong kontrolado ng atomiko, at ang mga eroplano natin na lumilipad nang daan-daang milya kada segundo, na maging, o, kada minuto, na kayang lampasan maging ang hangganan ng ugong. Pero, huwag n'yong kalimutan na mahahanap at mahahanap ka ng mga kasalanan mo!

25 At, sa panahon na 'yun, isinara nila ang mga pintuang-bayan. At inakala nila na magagawa nila, na maaari silang basta na lang mabuhay sa pagpapakasaya hangga't gusto nila, dahil protektado raw sila. Sila ang nangungunang bansa, ang lahat ng iba pang bansa ay nakatuon sa kanila para sa siyensya at para—para sa tulong.

26 At kaya, sa panahon na 'yan, may isang. . .Inisip ng haring ito na magpakasaya. At nagtakda siya ng araw na magdadaos siya ng isang mabunying sayawan, o, tulad ng sinasabi ko, isang modernong rock-and-roll; walang pinag-iba. At mangyari nga na itinakda niya ang oras, at inanyayahan niyang lahat ang mga sikat, lahat ng mga sundalo't ang mga kapitan, at lahat ng mga asawa't mga kalaguyo niya.

27 Ngayon, ang isang kalaguyo ay isa mismong legal na patotot. At nakikita n'yo ba, na kapag pakiramdam ng isang tao'y kaya na niyang sapatan ang pangangailangan niya sa ganang sarili niya, haya't nagsisimula siyang lumusong sa kasalanan?

28 At nagpapasok siya ng pinaka masasarap na alak na mahahanap niya, para rito sa malaking kasiyahang rock-and-roll na idadaos niya. Inakala niyang ligtas siya. Inakala niyang

walang makapipinsala sa kanya, dahil ligtas siya. At idinaos niya itong malaking pagsasaya na ito sa isa sa mga hardin sa likod lang ng palasyo. At habang nasa hardin, marahil pinalamutian nila ito nang talagang maganda, lahat ng palara na maisasabit, at pinatawag ang lahat ng mga babaing mananayaw at marami sa mga kababaihan para pumunta't aliwin ang mga sundalo. At kanilang mga serbesa't kanilang mga alak! Kung hindi nga 'yan isang naka-eengganyo na modernong rock-and-roll na papiging sa panahong ito, hindi ko alam kung saan pa makahahanap ng isa. Ganoon mismo. At inihanda na nila ang lahat, at magkakaroon sila ng isang mabunying pagpapakasaya.

29 At walang alinlangan na maraming babaing may asawa ang nagsidating. Naiwan ang mga asawa nilang lalaki sa bahay para mag-alaga sa mga bata, habang nasa labas sila't nagpapakasaya. At kabaligtaran din, di nga nakapagtataka na may isang nanay ang palakad-lakad, na may dala-dalang anak na may sakit, habang nasa labas ang asawang lalaki na lango sa alak. Mistula nga na ang anim sa isa, ay katumbas din ng kalahating dosena sa isa pa.

30 At nakikinita ko sila habang sila'y nagsisimulang uminom at magpakasaya. At nakikinita ko sila na talagang pinapadagundong nila ang tugtugan ng banda, at aliw na aliw sa tugtog. At painda-indayog ang munting mga kabataan sa isa't isa. At 'yung mga sundalo, lasing, sinusunggaban ang mga babae pinapasan-pasan sila sa kanilang bandang ulunan, at hinahalikan sila't nauupo sa mga upuan, at pasigaw-sigaw pa ng hurrah. Iniisip na ligtas sila!

31 Oh, Amerika, ang Diyos na tumunghay roon sa paglalasing, na rock-and-roll na papiging, ay nakatunghay rin sa inyo ngayong gabi!

32 At napaka mabunying panahon marahil ang tinatamasa nila roon! At para bang nakikinita ko itong hari, na si Beltsazar, siya'y isang modernong Elvis Presley, na abalang-abala sa mga naka-eenggayong mga bagay na mayroon sila. At lahat ng kanilang mga pinaggagagawa, at walang kamalay-malay, na habang ganoon, ay nasa pintuan na ang kamatayan!

33 Kaya, habang tuloy ang kasiyahan sa indayog, na madalas mistula bang isang agaw-pansin na eksena sa isang modernong Hollywood na pagsasahimpapawid sa telebisyon, inaakala nila na ayos lang na magbitaw sila ng mapangutyang biro tungkol sa relihiyon; na parang istilo ni Arthur Godfrey, o bagay na tulad nun na moderno ngayon, o kung anong Ernie Ford na namimitas-ng-gisantes, magbibitaw ng kung anong mapangutyang biro tungkol sa mangangaral. Pero tumutunghay pa rin ang Diyos mula sa Langit! Pero inisip nila na naninirahan naman sila sa isang bansa na di-masasaling. Pero aanihin n'yo nga kung ano ang inihasik n'yo!

34 Dapat alam n'yo 'yan, mga kababayan. Maging kayo'y isang bansa, o isang iglesya, o isang indibiduwal man, aanihin at aanihin n'yo ang inyong inihasik!

35 At, naku, nakikita ko ang haring ito na tumayo roon, at nagsabi, "Sandali lang, mga kababaihan, magbitaw tayo ng mapangutyang biro tungkol sa mangangaral," o kung ano pa.

36 At wumawagayway ang mga palara, at sinasabi ng mga kadalagahan, "Whoopee! Sige, sa palagay ko gusto naming marinig 'yan."

37 At 'yung mga kabataang sundalo'y tuluy-tuloy lang na parang mga kabataan sa panahon ngayon, dahil wala nang iba ito kundi isang modernong Babilonia! Isa akong Amerikano, pero ganoon din ito na si Daniel ay naroon sa Babilonia noong panahon na 'yun. Pero hindi nga 'yun dahilan para magkasala!

Sinabi ko sa isang babae minsan, "Cristiano po ba kayo?"

Sabi niya, "Gusto kong malaman mo, isa akong Amerikano."

Sabi ko, "Wala ngang ibig sabihin 'yan." Wala nga!

38 Nagagalak ako na maging isang Amerikano, pero walang anumang kinalaman 'yun para sumalamin sa pagiging Cristiano; walang kahit na ano. Kung magkasala tayo, magbabayad tayo para sa ating mga kasalanan, haya't sinisigurado ko lang sa inyo.

39 Mayroon silang propeta roon, pero ayaw nilang makinig. Nasa kanila ang Mensahe, pero gusto nila Itong gawing katatawanan.

40 Kung di ba naman 'yun ang modernong Amerika, hindi ko na alam. Nasa kanila ang Ebanghelyo, ang Katotohanan, pero mas pinili nila na gawin Itong katatawanan.

41 Kaya ang sabi nila, "Pumunta tayo roon at kunin 'yung mga sisidlan ng holy-roller, at dalhin ang mga 'yun dito at gawing katatawanan 'yun."

42 Hindi pinapayagan ng Diyos ang mga makasalanan na gawing katatawanan ang Kanyang bayan! Pagbabayaran at pagbabayaran n'yo ito, balang araw.

43 At kaya pumunta sila't kinuha ang mga sisidlan ng Panginoon, at dinala ang mga 'yun sa templo, at iinom sila mula sa mga sisidlan na 'yun ng Panginoon. At noong ibinuhos nila ang kanilang Oertel's 92 o Pabst Blue Ribbon, dito, para gawing katatawanan 'yun, oh, inangat nila ang mga baso't mga sisidlan, at nagsimulang mag-inuman, at magtawanan at libakin ang relihiyon ng Panginoon. Mga ignorante sila sa ginagawa nila.

44 At ganoon din ang bansang ito, ngayong gabi, ignorante dahil sa pagtanggi sa Mensahe ng Panginoong Jesus Cristo, sa bautismo ng Espiritu Santo, at sa pagiging naipanganak na muli.

45 Gayong relihiyoso sila, ngayon, 'yung paglalasing na kasiyahang 'yun ng rock-and-roll, mga relihiyoso sila roon,

dahil sinabi ng Biblia na, “Pinuri nila ang kanilang mga diyus-diyosan.”

46 Kaya maaari kang maging napaka relihiyoso at mali pa rin! Siyanga. Hindi ang sinseridad. “Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit daan tungo sa kamatayan ang dulo nito.” Mangyari nga na may malaking simbahan sila ng estado, at relihiyon na maaari silang makapaglingkod doon, at ginawa nilang katatawanan ang mga banal na bagay ng Diyos.

47 At karaniwan na karaniwan ’yan sa panahon ngayon, ginagawang katatawanan ang mga banal na bagay ng Diyos. Binabansagan nila ang mga tao, na nagsusumikap mamuhay nang malinis at disente, at matuwid, haya’t tinatawag nila sila na “makaluma” o “holy roller,” o kung anong uri ng kasiraang pangalan. At tinatawag nila ang mga kaloob ng Panginoon, na Kanyang ginagawa na gawain daw ng isang maruming espiritu, gaya ng isang manghuhula ng kapalaran o isang diyablo. Oh, papaano n’yo matatakasan ang kahatulan? Tumatawag laban dito ang dugo ng mga martir! Kung hindi hahatulan ng Diyos ang bansang ito para sa moderno nitong kasalanan, marapat lang na ibangon Niya ang Sodoma at Gomorra, at humingi ng tawad sa kanila sa pagwasak sa kanila. Siyanga. Nakatakda nga tayo sa kahatulan! At itong mga kamangha-manghang kababalaghan na nakikita n’yong ginagawa ng banal nating Tagapagligtas, haya’t mga babalang tanda ito, na nalalapit na ang kahatulan; at kanya mismong sinuyod ang bansang ito sa magkabi-kabila, mula Silangan hanggang Kanluran, mula Hilaga hanggang Timog. At tinatanggihan nila Ito, pinagtatawanan Ito, kinukutya Ito, inililimbag Ito sa kanilang mga diyaryo bilang “kalokohan.” Isipin n’yo ’yun, modernong Babilonia!

48 Ngayon habang sila’y nag-iinuman, iniaangat ang kanilang mga kopa sa pag-inom; bigla-bigla na lang, noong itong sikat na palikero ng pinilakang-tabing, na nagngangalang Beltsazar, noong akma na siyang iinom sa kanyang kopa, mangyari nga na para bang lumuwa ang mga mata niya, habang napalingon siya’t tumitingin sa gawi ng palasyo, dahil nakita niya, na mula sa Langit, ang kamay ng isang Tao, at nagsimula Itong sumulat nang taas-baba sa dingding.

49 Gusto kong pansinin n’yo, sumulat Ito sa palitada. Ngayon, marahil ang mga kandelero’y naroon sa labas ng kanilang mga palara, kung saan sila nagdaraos ng kanilang modernong rock-and-roll, at ang mga ilaw ay kumikislap-kislap sa dingding. Haya’t hindi gumagawa ang Diyos ng mga bagay sa isang sulok!

Nasa ilalim mismo ng mga liwanag, kung saan nagsasalita at kumikilos ang Diyos. Mangyari nga na ang Kanyang sobrenatural na sulat-kamay ay naroon sa palitada ng dingding, na kitang-kita ng lahat.

50 At marahil ang hari ang unang nakakita nito, itong modernong dyoker, magaling na komedyante sa radyo, artista sa telebisyon. Habang inaangat niya ang baso, para uminom, o kopa, 'yung kung anong hawak niya sa mga kamay niya, haya't lumuwa ang mga mata niya, at nakaramdam siya ng panginginig. Nakikinita ko nga siya na ganoon ang sinapit. Sinabi ng Biblia na, "Ang mga buto niya'y nakalag, mula sa sugpungan." Grabe ang panginginig niya, nangatog nang husto. Kapag nagsisimula nang ipakita ng Diyos ang mga tanda Niya, panahon na mismo para manginig. Siyanga. At nang mapansin niya, pinayugyug siya nung kanyang rock-and-roll na tugtog.

51 At pagkatapos nang mapansin niya itong sulat-kamay sa dingding, nakikinita ko na ang munting ginang na de kolorete ang mga labi niya na parang di ko mawari, at ang buhok niya'y napapalamutian ng palara, at pinagpapasa-pasahan siya sa palibot, at kasama itong mga lasing na sundalo na ito, na ang sabi, "Ano kaya ang problema sa lalaking 'yun ngayong gabi?" habang siya'y sinisinok-sinok.

52 Tapos may binata na susunggab sa kanya, "Sige, sabay nating sayawin itong kasunod." At huminto ang tugtog.

53 Oh, ang dakilang makasalanang bansang ito, darating ang araw na hihinto ang inyong mga rock-and-roll! Kung hindi kayo makikinig sa tinig ng isang mangangaral, makikinig kayo sa kamay ng Diyos sa paghatol balang araw. Pero hihinto ang rock-and-roll, kung papaanong huminto ang mga banda noon, at tumugtog ng *Nearer, My God, To Thee* sa Titanic. Balang araw ay magpapalit kayo ng tugtog.

54 At huminto ang tugtog. At napansin nila ang dyoker nila, ang kanilang—kanilang bituwin sa telebisyon, at, nakatayo siya, nangangatog ang mga tuhod niya, habang siya'y nakatingin at nakikita itong dakilang bagay na nangyayari. "Aba," ang sabi niya, "nakabakod naman ang mga pader sa palibot. Nakatayo ang mga guwardiya ko sa may pintuan, ang pinili kong tao."

55 Pero, nakita n'yo, hindi kailangang pumasok ng Diyos sa pintuan, sa paraan na iniisip n'yo. Bumababa Siya mula sa Kaluwalhatian! At sumusulat ang kamay Niya sa dingding.

56 At agad-agad, dahil napakamodernong lugar 'yung kinaroroonan niya, ang sabi ng Biblia'y ipinatawag niya ang lahat ng mga manghuhula niya, mga astronomo, lahat ng mga obispo, mga doktor, at mga papa, at mga kardinal, at iba pa. At sinabi, "Ngayon ay sinasabi ko sa inyo, mga ginoo, binigyan ko kayo ng pribilehiyong mangaral at para gawin ang gusto n'yong gawin. Ngayon ibigay n'yo ang kahulugan, sa akin, ng nasa dingding na Yan."

57 Pero kung papaano noon, gayundin ngayon, na hindi sila sanay sa sobrenatural. Wala silang kaalam-alam tungkol Dito. Hindi nila alam kung papaano bigyang-kahulugan ang mga di-

kilalang wika. Wala silang alam tungkol sa Makalangit na wika. At natigilan sila. Wala silang alam tungkol Dito. At habang nakatayo silang lahat doon. . .

58 Alalahanin n'yo, ito 'yung pagpasok ng kahariang Gentil. At kung papaanong dumating ito sa ilalim ng sobrenatural, aalis ito sa ilalim din ng sobrenatural.

59 Pero ang mga obispo't kardinal, at mga nagbabantugang doktor na ito, haya't di nila kayang bigyang-kahulugan ang sobrenatural. Wala silang alam tungkol Dito. Humalughog sila sa lahat ng mga aklat nila ng sining, at wala silang matagpuan na kahit ano na maihahalintulad Doon. Nakita n'yo, ang mga bagay na espirituwal ay nauunawaan sa espirituwal na pamamaraan. At nabagabag silang lahat, at di nila alam ang gagawin.

60 At, sa wakas, may isang munting reyna. Tandaan n'yo, wala siya roon sa rock-and-roll na papiging. At kaya lang niya nabalitaan na may bagay na nangyayari, ay dahil nabalitaan niyang nangatog ang hari, at nahinto ang kasiyahan. Isa nga siya marahil sa mabubuting mananampalataya pa. At, kahit papaano, isa siya sa mga hindi nakalimot.

61 Humangos siya sa papiging. At nang makita niya ang modernong dyoker na nangangatog, at ang lahat ng mga kasama niya sa banda, ang sabi nung babae, "Oh hari, mabuhay ka magpakailanman!" Pero di pa niya alam na patay na ang hari noong mga sandali na 'yun mismo. Sabi, "Mabuhay ka magpakailanman! Alam kong naliligalig kayong lahat tungkol sa sulat-kamay sa dingding. At nakikita ko ang papa, at ang mga obispo at ang mga kardinal, at ang mga doktor ng dibinidad, at wala ni isa sa kanila ang makabasa Nito. Pero, Oh, hari, hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay! May lalaki sa kaharian mo, na nakakaalam ng tungkol sa sobrenatural."

62 Oh, kapatid, kapag nakita natin ang sulat-kamay sa dingding, ngayon, anupa't may isang Lalaki na nakakaalam ng tungkol dito. Marahil ay nakapunta na kayo sa bawat tanggapan ng doktor sa buong lungsod, at sinasabi nila sa'yo, "Tiyak na mamamatay ka." Pero may isang Lalaki! Marahil lumusong ka sa kasalanan hanggang sa ang kaluluwa mo'y naging itim na itim na tulad sa nanlilimahid na dingding ng impyerno, at handa ka nang magpakamatay, wala nang pag-asa. Pero may isang Lalaki, at ang Pangalan Niya ay Jesus! Alam Niya ang sobrenatural. At nasa Kaharian natin Siya, dahil tayo ang mga Anak ng Kanyang Kaharian. May isang Lalaki!

63 Sabi, "May kaalaman siya sa sobrenatural, dahil maraming taon na ang nakalipas ay nasumpungan nila ang Espiritu ng Diyos na sumasakanya. At mayroon siyang isang napakahusay na Espiritu. Kaya niyang bigyang-kahulugan ang mga panaginip, nakakakita siya ng mga pangitain, at ang bawat isa

sa mga 'yun ay eksaktong tama. Kaya, huwag kang mabagabag, bigyan mo lang ako ng ilang minuto at dadalhin ko siya rito."

64 Darating ang isang araw na tatawag ka sa Kanya! Maaaring wala kang lugar para sa Kanya sa iyong bahay. Masyado kang abala, sa panonood ng telebisyon, pagbabaraha, pagtungga ng serbesa, pagdalo sa mga rock-and-roll na kasiyahan. Pero may isang beses na tatawag at tatawag ka sa Kanya! Siyanga.

65 At mangyari na dinala roon si Daniel. At noong dinala siya. . .Isang mangangaral ng katuwiran, isang tao ng Diyos! Hindi ko makinita ang isang tao ng Diyos na namamalagi sa ganoong klaseng lugar maliban na siya'y sumisigaw roon laban dito. Pero, nakita n'yo, hindi kasi Ito pinansin ng hari, 'yun ang dahilan kung bakit nasa kalagayan siya na kanyang kinasasadlakan.

66 At dinala nila roon si Daniel, at ang sabi niya, "Bakit di makapagbigay-kahulugan ang mga papa at mga doktor mo para sa iyo?" Wala silang kaalaman para makapagbigay-kahulugan.

67 Kaya pagkatapos nun anong nangyari? Ang sabi ni Daniel, "Oh, Beltsazar, alam mo ang lahat ng mga bagay na ito. Hindi ito lingid sa iyo."

68 At sinasabi ko sa Amerika! Sana'y magawa ko, sa sandaling ito, na pakinggan nila ang tinig ko. Hindi kayo ignorante sa lahat ng mga bagay na ito! Kung paanong ang mga bansa noon ay nagkasala't ginawa kung ano ang ginawa natin, haya't tinimbang tayo sa timbangan, at nasumpungang kulang. Anong nangyari sa Pransya? Anong nangyari sa Alemanya? Anong nangyari sa iba pang mga bansa na humantong sa "alak, babae, at paglilimayon"? Sa tuwina'y ganoon ang kinahihinatnan, at hindi tayo ligtas sa kahatulan. Matuwid ang Diyos.

69 At sinabi niya, "Ang iyong ama, kung papaanong ginawan siya ng Diyos ng isang dakilang bansa, pero nakalimot siya. At ginawa niya ang parehong mga bagay na ginagawa mo, at ginawa siya ng Diyos na maging isang mabangis na hayop." Sabi, "Alam mo naman ang mga bagay na ito, at pagkatapos ay kinuha mo pa rin ang Kanyang mga banal na sisidlan at ginawa mong katatawanan ang mga ito." Pansinin. Ang sabi niya, "Nailagay na ang sulat sa dingding, at sa pagkakataong ito ang kaharian mo ay bilang na." Sa madaling salita, "Tumingin ka rito, lalaki, bilang na ang mga araw mo! Kinuha na mula sa iyo ang kaharian mo at ibinigay sa ibang bansa, na isang malupit, na walang Diyos na bansa," sa isa na—na talagang kasing sama nila. Ibinubunsod ng Diyos na salpukin ng kasalanan ang kasalanan. Napapaisip ako, ngayon. . .

70 Sa mismong oras na 'yun, maaari ko bang sabihin muna, noong nakatayo siya roon, na pinapanood ang sulat sa dingding, wala siyang kaalam-alam na sa ilalim mismo ng mga pintuang-bayan, sa mga sandaling 'yun mismo, napatay na ang mga

guwardiya. At naroon na ang mga kalabang sundalo sa mga lansangan na pinapatay na ang mga guwardiya ng palasyo. Nasa mga hagdanan na sila. At ang mga babaing 'yun na nakatayo roon, na malayo sa kanilang mga anak, malayo sa kanilang mga asawang lalaki, at mga asawang lalaki sa kanilang mga asawang babae, na lahat ay lasing, nakikinig sa kung anong uri ng modernong pagsasayaw at nagpapakasasa. At nasa mga hagdanan na ang mga kalabang sundalo, na sa ilang minuto na lang ay papatayin na ang hari. Lahat nung mga lasing na grupo ng kalalakihan ay papatayin, ng isang pagano't, sinasaniban-ng-demonyong bansa. At huhubaran ang mga babae, mga kadalagahan at lahat, at gagahasain sa lansangan; saka kakaladkarin sa kanilang mga sakong, at ihahambalos ang mga ulo nila sa mga pader. Tatagain sila pagkatapos nilang makipagniig sa pagnanasa; mga baliw, na lasing na mga sundalo! Nasa pintuan na, dahil sila'y tinimbang sa timbangan, at nasumpungang kulang.

71 At napapaisip ako, sa panahong ito, sa lahat ng mga moderno nating inaatupag, lahat nitong mga pagtatawanan at panlilibak sa mga gawain ng pagpapagaling, naghahalakhakan at nililibak ang Iglesya ng buhay na Diyos, at nagpapakasasa gaya ng sinabi ng Biblia na gagawin nila, "Matitigas ang ulo, mga palalo, na may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan nito."

72 Naiisip ko, sa araw na ito kung kailan iniisip natin na ligtas na ligtas tayo, at, bigla na lang, malalaman na lang natin na naungusan na pala tayo ng limang taon ng Rusya, sa siyensya.

73 Napakarami nang kasiyahan ang napuntahan natin. Masyado tayong lumusong sa kasalanan. Tulog na tulog ang iglesya, wala na itong pakialam sa mga pagtitipon para sa pananalangin. Wala silang malasakit. Sila, man, ay naglalagay ng tinig na laban sa tunay, na totoong Espiritu ng buhay na Diyos; ayaw nila ng mga bagay na ito.

Nagpakadenominasyon na sila, gayak na gayak! Wala na silang panahon para sa mga pagtitipon para sa pananalangin, naroon sila sa harapan ng mga telebisyon at sa mga palabas na sine, at namamasyal sila sa paligid, at nasa mga lasingan at mga bagay-bagay. Totoo 'yan!

74 Makaluma man 'yun sa pandinig, pero 'yun ang kailangan ngayon ng bansa. Napakarami nang binabae sa Ebanghelyo, na naka-gomang guwantes pa. Kailangan itong hawakan nang walang takip ang kamay, ng Espiritu Santo. Tunay nga!

75 Sinabi ni Billy Graham, mga sanlinggo na ang nakalipas o dalawa, sa isa sa mga mensahe niya, sabi, "Maaaring maging isang satelayt ang bansang ito sa Rusya, anumang oras na gustuhin ng Rusya." Nasaan na tayo?

76 Bumibili-bili kayo ng mga rekord ni Elvis Presley, at nagpapaiwan sa bahay imbis na nasa simbahan para pakinggan ang *We Love Sucy*, isa sa mga araw na ito! Tinimbang kayo sa timbangan, at nasumpungang kulang! Anong nangyari? May sulat-kamay sa dingding!

77 Nagpalipad ang mga Ruso ng isang sputnik na di natin kontrolado ang anuman tungkol dito, limang-daang milya mula sa lupa; at may kakayahan silang makapaglagay ng kalahating dosena nun sa ibabaw ng Estados Unidos sa susunod na tatlumpung minuto, at mananawagan at sasabihin, "Sumuko kayo, o kayo'y magiging sambuntong abo sa loob ng ilang minuto." May kakayahan silang gawin 'yun. Wala tayong magagawa para pigilan sila. Nasa mga kamay na nila, na isang walang dugo't, walang puso, na walang Diyos na mga komunista! Yun ang ginagamit ng Diyos para malantad ang kasalanan. Tunay nga. Kung babasahin n'yo ang Biblia, gagawin at gawin 'yun ng Rusya ayon sa Apocalipsis. Sige, kayo na mga nagtuturo ng propesiya ay marahil iba ang pananaw Roon, pero hintayin n'yo lang hanggang sa matapos ito. Inilagay ang Rusya rito para sa pinaka layuning 'yun. Biblia mismo ang may sabi.

78 Ngayon heto na siya na may sputnik. Sinubukan nating magpalipad ng isa nun noong isang gabi, inakala natin na magagawa natin ang ganoon mismong bagay na nagawa nila; umangat naman nang tatlumpung talampakan mula sa lupa, at pumalpak. Napakaraming rock-and-roll at kasalanan kasi! Tinimbang tayo sa timbangan, at nasumpungang kulang. Diyos, mahabag Ka po!

79 Anong gagawin natin? Anong mangyayari kung ipadadala nila ang mga sputnik na 'yun na may dala-dalang mga bomba, at sasabihin, "Sumuko kayo, o magiging sambunton na alabok kayo sa loob ng limang minuto"? Siyempre, ang gobyerno natin, para makapagligtas ng buhay, ay susuko. Yun ang tanging bagay na magagawa nila.

80 Pagkatapos anong mangyayari sa ilan sa inyo na mga Amerikano, lahat tayo rito; hindi rito, kundi ang ibig kong sabihin ay sa buong bansa? Sa buong bansa nga!

81 Kayong mga sobrang bilib sa sarili, na mga kabataang babae na lumalabas-labas na de kolorete ang maliliit n'yong labi na nagiging parang kung anong uri ng usbong ng rosas; at pagtatawanan ang isang mangangaral sa kanto, na nangangaral ng Ebanghelyo. At kayong, mumunting tinedyer, na inaakalang mas marami kayong diskarte kaysa mayroon kayong katalinuhan para magpigil!

82 Anong mangyayari sa iyo, tatay, na nauupo sa bahay sa gabi kasama ni nanay at nakatutok sa telebisyon, habang si bunso ay nasa sasakyang matulin, at naroon naman ang kapatid na babae sa kantina kung saan, at naroon siya na hibang na hibang sa

rock-and-roll? At tutok na tutok kayo sa telebisyon, at kinukutya ang Ebanghelyo!

83 Anong mangyayari sa inyo, miyembro ng iglesya? Ano ang magiging kahihinatnan mo? Maaaring nakalagay ang pangalan mo sa bawat aklat, ng pinaka malalaking simbahan sa siyudad; pero maliban na nasa ilalim ka ng seguridad ng Dugo ng Panginoong Jesus, mamamatay at mamamatay kang kasama yaong mga mapapahamak, wala nang pag-asa para sa iyo.

84 Anong mangyayari? May sputnik doon sa itaas. At anong mangyayari? Susuko ang bansa, siyempre pa, ’yun ang tanging disenteng bagay na magagawa ng gobyerno.

85 Pagkatapos ano nang mangyayari? Dagsa-dagsa, na barko-barkong sundalo; dagsa-dagsa, na mga eroplano; ang lalapag sa bansang ito. Gagahasain ang kababaihan sa mga lansangan. Anong magagawa n’yo? Sa kanila na ito. Palalayasin kayo sa inyong tahanan, sasamsamin nila ito.

86 Anong mangyayari sa mga kadalagahan, at sa inyo na mga kabinataan, at lahat kayo sa panahong ’yan? Kinakailangang mapagbayaran ang kasalanan! Kahit ano pang bansa ito, o kung sino pa man ito, ibubunsod at ibubunsod nito ’yun. Bilang indibiduwal, o isang bansa, pagbabayaran ito! At isang grupo ng malulupit, na walang Diyos, na balbasing, mga komunistang sundalo ang hahablot sa inyong mga maybahay at gagahasain sila, pati mga anak n’yong dalaga. At tatayo kayo at gugustuhin na lang ito, wala na kasi kayong magagawa na anuman tungkol dito.

87 Anong may bunsod nun? Dahil sa pakikinig n’yo sa ganitong mga bagay-bagay na tulad nitong mga programa sa telebisyon na rock-and-roll at kasalanan, at ang malamig na pormal na mangangaral ay di kayang bigyang-kahulugan ang sobrenatural. Ang sulat-kamay ay nasa dingding na! Siyanga! At tinimbang tayo sa timbangan, at nasumpungang kulang.

88 Kailan maaaring maganap ’yun? Bago magliwanag sa umaga. Sinong makapipigil nito? Subukan n’yo. Sinasabi ng Biblia na mangyayari’t mangyayari ito.

89 Pero hayaan n’yong sabihin ko sa inyo, hindi nun kailanman masasaling ang Iglesya ng buhay na Diyos, wala na tayo sa mga oras na ’yun!

90 Kaya naman, kaibigan, makinig ka. Kung napakalapit na ng bagay na ’yun, at nakikita na natin ang sulat-kamay sa dingding, wala nang makapipigil sa bagay na ito na mangyari ngayon.

91 Napangaralan na ang Amerika, naipamalas na ang sobrenatural, at patuloy pa rin nila Itong niwawalang-bahala.

92 Pumunta kayo sa isang bansa saanman at magdaos ng isang rebaybal, at marahil may apatnapu na maaakay sa sanlinggo; at bumalik kayo sa loob na anim na linggo, wala ka nang apat.

Natuyo na ang matandang lawa. Bilang lang ang hinirang ng Diyos. At kapag nakapasok na ang huli, isasara na nun ang pintuan at tapos na.

93 Pagkatapos ay wala nang natitira kundi kahatulan kapag tinanggihan na ang awa. At heto na tayo sa dulo ng landas.

Ginagawa na ang sobrenatural, pinagtatawanan Ito't nililibak. At ang huling bagay, ang Diyos ay dumating sa Sarili Niyang Kapangyarihan, sa Kanyang Sariling Minamahal na Anak, para kumilos sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya, At sinasabi nilang Ito raw ay "espirituwalismo," o, "ang diyablo." Ano pa ba marahil ang natitira kundi paghatol? At heto na nga ang sulat-kamay sa dingding!

94 Pero, kung 'yun nga'y ganoon nang kalapit, at alam ng sinumang guro na ang Iglesya ay sasama sa Pag-agaw bago pumasok ang kapighatian. Kaya kung ganoon nang kalapit, na maaaring mangyari bago mag-umaga, papaano pa ang Pag-agaw? Mas nalalapit na ito roon! Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Malapit na ang Pagdating ng Panginoon. Isinulat na ang sulat, at nakasulat ito sa Biblia, at nabubuhay tayo para makita ito.

95 Maaari mo bang gawin, sa panghihikayat ng tinig ko, na tanggapin si Jesus Cristo sa oras na ito? "Mangagsisi kayo, at magpabautismo," sabi ni Pedro, "ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo; sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, sa kanila na nangasa malayo. Sapagkat wala nang iba pang pangalan ang ibinigay sa silong ng Langit sa mga tao, na sukat nating ikaliligtas." Maliban na kayo'y kay Cristo! Maaaring Methodist kayo, Baptist, Pentecostal, Nazarene, Katoliko, pero kayo'y mapapahamak hanggang sa kayo'y maging kay Cristo! At papasok si Cristo sa inyo, 'yan ang bagong Kapanganakan sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Tanggapin n'yo Siya ngayong gabi, habang tayo'y mananalangin.

96 Habang nakayuko po ang inyong mga ulo. Bigla lang sumagi ito sa akin, ilan dito ang nakakaalam na mangyayari ang dakilang bagay na ito? Marahil sabay kayong matutulog ng maybahay mo ngayong gabi, at sa kinaumagahan ay wala na siya. Kayo, tatay at nanay, marahil hinagkan mo pa ang inyong mga anak sa pagtulog, ngayong gabi, tapos bukas ng umaga'y wala nang laman ang munting higaan. At hahangos kayo sa lansangan, para malaman kung anong nangyari kay Gng. Jones, wala na rin siya, hayan nga. Malapit na ang Pag-agaw, maliwanag na sinabi 'yun ng Biblia.

97 At sa pagtitipon na ito, habang mayroon kayong pagkakataon, gaya sa mga kalalakihan na may—may angking talino, at mga kababaihan na may angking talino, bakit di

n'yo pakinggan ang tawag na 'yan sa puso n'yo, at sabihin, "Panginoong Diyos, punuin Mo po ako ng Buhay na Walang Hanggang." Dahil, kung ang espiritu n'yo ay intelektuwal pa rin na haka, sa lupa nga mismo ang tungo mo. Pero ang Espiritu ng Diyos, na nagmula sa Langit, ay papasok sa puso mo't pagkakalooban ka ng Espiritu Santo, sa loob mo. Kapag dumating ang kapighatian, ang Espiritu (ang Espiritu Santo) ay babalik sa Maylikha Nito, at kasama ka Nito roon. Kahit gaano ka pang karelihiyoso, hindi ito aalis maliban na may Bagay diyan para magdala sa iyo.

98 Ilan ngayong gabi, habang nakayuko ang mga ulo n'yo, sa harap ng Mensaheng ito, ang magtataas ng inyong mga kamay kay Cristo, at magsasabi, "Diyos, puspusin Mo po ako ng Iyong Espiritu Santo. At kung darating Ka na, ibig ko pong sumama sa Iyo"? Maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay? Pagpalain kayo ng Diyos, hayan nga't ang buong simbahan mismo. Halos, dalawang-daan, o higit pa, na mga kamay na nakataas sa ere.

99 Kaibigang makasalanan, kung di mo pa natanggap kailanman si Cristo, maaari mo bang itaas ang iyong kamay sa oras na ito, at sabihin, "Panginoong Jesus, mahabag Ka po sa akin"? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos sa banda rito, ikaw diyan sa likod. Sige't kung mayroon pa, "Alalahanin mo lamang ako, Panginoon." Pagpalain ka ng Diyos dito, sa ibaba rito. Sumaiyo ang Diyos. "Alalahanin Mo po ako, Oh Panginoon. Nabuksan na ang aking mga mata. Napagtanto kong marahil ay matagal na akong nag-aangkin na Cristiano, pero hindi ko pa kailanman nararanasan kung paano ba ang maipanganak na muli. Hindi ko pa natatanggap ang Espiritu Santo."

100 "Kung kaya't, maliban na ang tao'y maipanganak na muli, hindi siya makakapasok sa anumang paraan sa Kaharian, o hindi man lang makikita ang Kaharian."

101 Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, at sabihin, "Mahabag Ka sa akin, Oh Espiritu Santo. At sa pagparito Mo para sa Iglesya, ay kunin Mo ako"? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. May iba pa ba, "Alalahanin Mo po ako, Oh Diyos." Pagpalain ka, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. "Alalahanin Mo po ako, Oh Diyos." Pagpalain ka ng Diyos dito, kabataang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos sa banda riyan, binibini. Diyan sa likod, kabataang babae, sa likod. At ikaw riyan, binibini. "Mahabag Ka po sa akin, Oh Diyos, kapag nakita ko ang sulat-kamay sa dingding. May sapat akong katalinuhan, para, makita kung ano ang sinasabi mula sa Biblia, ngayong gabi, na ito nga'y isang pag-uulit ng kasaysayan."

102 Nasa wakas na tayo. Hindi na maiwawasan pa. Ang bagay na wawasak sa mundo ay nasa mga kamay na ng taong makasalanan.

103 May iilan na lang. Baka ikaw na ang huling itinalaga na lalapit kay Cristo. Kapag dumating na ang huli, hahagupit na ang paghatol; may kulang pa, baka ikaw na 'yun. Maaari mo ba Siyang tanggapin ngayong gabi habang naghihintay tayo?

104 Humigit-kumulang dalawampu, tatlumpung kamay ang tumaas. Ngayon wala tayong espasyo rito para tumawag ng pagdulog sa altar, para dalhin ang mga tao rito sa harapan, dahil wala tayong sapat na puwesto. Pero hihilingin ko sa inyo, tunay, oh, maging tapat at makinig kayo sa tinig ng babala. Maging tapat at hilingin kay Cristo, diyan mismo sa kinauupuan n'yo, "Panginoon, mahabag Ka po sa akin, na isang makasalanan, at tanggapin Mo ako bago ako makalampas sa ibayo ng tabing ng awa. Bago ko mapalampas ang araw ko ng biyaya, mahabag Ka po sa akin, Panginoon," at gagawin Niya ito.

Ngayon manalangin kayo nang ganoon habang sinasamahan ko kayo sa panalangin.

105 Banal na Panginoon, nakatayo kami sa isang kakila-kilabot na kalagayan ngayong gabi. Habang binabasa namin ang Iyong Salita, at nalalaman na anumang oras ay may ibabalita sa radyo, at ang mga banda ng rock-and-roll ay aawit na ng *Nearer, My God, To Thee*, pero huli na n'yan, humagupit na ang paghatol. Nakatutok na ang mga bomba sa amin. Pagkawasak, nang milya-milya ang sakop, na tone-tonelada na—na enerhiyang atomika ang pupuksa sa sangkalupaan, at iba pa, na susunog sa buong mundo. At nasa mga kamay na ito ng makasalanang tao. At sinabi ng Biblia na sa ganoong paraan ito mangyayari. At nakikita na namin ang sulat-kamay sa dingding.

106 Oh Panginoong Diyos, hindi ako sapat para pagsikapang dalhin ang ganitong Mensahe sa isang bayan. At nararamdaman ko kung gaano ako kaliit, na nakatayo rito, para pagsumikapan na ihatid ang ganoong paksa, pero maaari Mo ba akong patawarin para sa bahagi ko na hindi ko magawa. Pero kahit papaano, mula sa puso ko, hinihiling ko na ibaon Mo ang Mensahe, sa paraang nais Mo, sa kanilang mga puso, dahil nakikita ko ang oras na papalapit na. At maging mahabagin Ka po, Diyos, at iligtas ang bawat isa, at puspusin sila ng Espiritu Santo. At maging mga anak Mo nawa sila, na Banal na nakabalot sa Iyong kabutihan, at makatanggap ng seguridad mula sa Panginoong Jesus.

107 Dahil, ang aming bansa ay hindi na ligtas. Inakala namin na ligtas kami. Ganoon din noon ang inakala ng Kaharian ng Babilonia, pero, sa tuwina, may isang masamang bansa na kumikilos. At mayroon ngang isang masamang bansa na kumikilos, na hanggang ngayon ay alam naming nauungusan na nila kami, at kami'y nasa kanilang awa.

108 Panginoon, ang Iglesya po'y nasa Iyong kaawaan. Sila'y mangwawasak; pero kukunin Mo ang Iyong Iglesya. Oh

Panginoon, kunin Mo po kami sa Iyong pangangalaga, ngayong gabi. At pagpalain Mo kami alang-alang kay Jesus; at sa Kanyang Pangalan kami'y dumadalangin. Amen.

109 Marahan lang, pansumandali. Maging mapitagan po.

Softly and tenderly Jesus is calling,
Calling for you and for . . .

Habang umaawit tayo ngayon, magsuri.

. . . on the Portal He's waiting and watching,
Watching for you and for me.

Come home . . . (Saan? Umakyat, umakyat nang mas mataas pa.)
Ye who are weary, come home;
Earnestly, tenderly, Jesus is calling,
Calling, O sinner, come home!

[Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *Softly and Tenderly*—Pat.]

110 Oh, hindi ba't magiging isang magandang pagkakataon para mangyari na 'yan ngayon mismo! Oh, ayos lang, anumang oras ay handa Siya. Amen! Lubos-lubos akong nagagalak na makilala Siya. Lubos akong nagagalak na itong matandang mahinang katawan na ito, na natutuyo na rito, ay mababago sa isang iglap, sa isang kisapmata. Babalik akong muli sa pagiging kabataan, para mabuhay magpakailanman.

Ang matanda'y magiging kabataan na roon magpakailanman,
Pinagbagong-anyo sa sandaling 'yun;
Wala nang kamatayan, sa Kanyang wangis tayo'y tatayo,
Ang mga bituwin at araw ay kanilang hihigitan.

Napakadakilang pagkakataon! Huwag na huwag n'yo Siyang tatanggihan.

Oh, aasamin mong sabihin Niya, "Magaling,"
Sa Araw na 'yun na Walang Hanggan!
Sa iyong puso'y huwag mong tanggihan ang Mahal na Tagapagligtas,
Huwag na huwag mo Siyang tatanggihan. (Nawa'y ito na ang gabi.)

111 Ilan ang umiibig sa Kanya nang buong puso n'yo, at nakahanda na ba kayo kung darating Siya? Oh, grabeng pasasalamat nga! Hindi ba't pakiramdam n'yo ay para bang nilinis kayo ngayon, sa loob? Ang Ebanghelyo, tayo'y hinugasan na ng tubig ng Salita. Iabot n'yo ang kamay n'yo sa katabi n'yo, at makipagkamay sa kung sino man, sabihin, "Pagpalain ka ng Diyos. Talagang ang gaan ng pakiramdam ko. Pagpalain ka ng

Diyos, manlalakbay. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae, kapatid na lalaki." Tayo'y manlalakbay na nasa daan.

> Naglalakad sa dakilang lansangan,
> Hinahayag ko pumaroon man ako kung saan,
> Na mas nanaisin ko pang ako'y maging isang
> makalumang Cristiano, Panginoon,
> Kaysa anupamang bagay na nalalaman ko.

112 Ngayon habang tayo'y nasa sandaling ito ng pagpipitagan, Naniniwala akong medyo atrasado na para magtawag ng pila para sa pananalangin. Ating. . .Naniniwala ako nalugod nang lubos ang Espiritu Santo, sa malaking bilang na ito na lumalapit kay Cristo. Ngayon kaagad po kayong humanap ng isang simbahan, magpabautismo at dumalo kayo sa simbahang 'yan, na isang mainam na puspos-ng-Espiritung simbahan, at manatili kayo roon hangga't kayo ay nabubuhay.

113 Ano ba ang mga gawang ipinangako ni Cristo na gagawin Niya? Sinabi Niya, "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Kung ganoon, narito ang Kanyang Presensya. Kung ganoon, alam ko, mga kaibigan, alam ko—alam ko, nang walang anino ng pagdududa, na narito si Jesus. May isang Tao rito, Ito ang siya ring Tao na naglalakad noon sa Galilea. Ito rin ang Tao na tumubos sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, at nagpagaling sa inyo sa Kanyang mga latay. At narito Siya para ipamalas at gawin ang lahat ng ginawa Niya noon, dahil Siya'y siya pa ring Panginoong Jesus.

114 Ngayon manalangin tayo pansumandali, nang tahimik. Maglumagi lamang sa pananalangin habang sinisikap kong hanapin ang diwa ng Espiritu Santo.

115 Heto, sa magandang saliw ng tugtog na 'yun, ganoon na lamang na ang mga taong nagdurusa ngayong gabi ay iibiging marinig 'yun! Ang mga tao na naupo marahil sa upuan na kinauupuaan n'yo ngayong gabi, na nakapakinig ng Ebanghelyo, at lumisan na, ay nasa pagdurusa ngayong gabi, mangyari nga na gustung-gusto nilang maupo riyan sa upuan na kinauupuan n'yo; pero matagal na silang lumisan.

116 Panginoon, Ikaw na Siyang lumikha ng Kalangitan at lupa, Ikaw na Siyang nagsugo sa banal na Panginoong Jesus dito sa lupa; at sa Kanya nananahan ang kapuspusan ng Espiritu. At Iyong sinabi, sa pamamagitan ng Kanyang mga bibig, "Ako ang Puno ng Ubas, kayo ang mga sanga. Hindi namumunga ang Puno sa Sarili Nito kundi ang mga sanga ang namumunga." Dalangin ko po, Diyos, na Iyong ihahayag ang Iyong Sarili ngayong gabi, sa kalagitnaan namin, para malaman ng mga tao na ito na ang Mensaheng kapapangaral lamang, ay nagmula mismo sa Iyo, na ibig Mo na kami'y maging handa, at dahil malapit na ang mga huling araw.

117 May mga maysakit marahil na nakaupo rito, Panginoon. Palakasin Mo po ang kanilang loob, para sila'y gumaling, dahil hinihiling namin ito para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Ngayon, Panginoon, habang ipinapasakop namin ang aming sarili sa Iyo, bilang ang Iglesya ng buhay na Diyos; na nakikita't, sa palagay ko, bawat kamay rito ay nagtaas. At hihilingin ko po sa Iyo, ngayong gabi, Panginoon, na gumawa Ka ng isang bagay na katangi-tangi para sa amin. At ipagkaloob ngayon mismo na ang mga taong ito'y maipasakop ang kanilang mga sarili sa paraan na kikilos ang Espiritu Santo sa kanila, na may ganoong pananampalataya, at para maipasakop ko rin ang aking sarili sa Iyo, at Ikaw ay gagawa sa pamamagitan ng Iyong mga kaloob at patutunayan ang Iyong Sarili sa gitna namin; na, marahil may mga estranghero sa piling namin. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

118 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . . dahil sa tuwina'y nagpapakita Siya ng awa bago ang paghatol. Hihilingin ko lamang sa mga ministro na manatili riyan, at manalangin. Tayo po'y manalangin.

119 At ngayon, lalo na, matagal akong nangaral, at akin—akin ngang hihilingin sa mga narito sa harap, o saan man kayo nakapuwesto, simulan n'yo pong sabihin ito. Sinasabi ng Biblia na, "Siya ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan." Buweno, kung ganoon, kung Siya ang Dakilang Saserdote kahapon, na Siya pa rin mapasa hanggang ngayon; na ginagawa Niya ang siya ring pagpapamalas na ginawa Niya kahapon, ay gagawin Niya ngayon kung Siya ay siya pa rin. Tama ba? Kaya maaari Siyang mahipo ngayon, mahihipo n'yo Siya sa inyong mga kahinaan, at hayaan n'yo Siyang tumugon.

120 Isipin n'yo mismo, noong tumayo Siya roon sa nakapalibot na madla na gaya nito isang araw noon, may isang lalaki na lumapit, na tinatawag na Pedro, o ang pangalan niya ay Simon. At sinabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon. Anak ka ni Jonas. Pero, magmula ngayon, ay tatawagin ka nang Pedro." Naging sino siya? Naging minamahal na apostol.

121 Noong natagpuan ni Felipe si Nathanael, at lumapit ito, sinabi Niya, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya," sa madaling salita, "isang Cristiano, isang matapat na tao."

Sabi, "Paano Mo ako nakilala, Rabi?"

122 Sabi, "Bago ka pa tinawag ni Felipe, noong ikaw ay nasa ilalim ng puno, ay nakita na Kita."

123 Lumabas 'yung babae na inaagasan ng dugo. Tumingin si Jesus sa mga nakasubaybay dun.

124 Inisip ng mga tao na ang mga gawa Niya'y sa diyablo, at bulong-bulong nila sa kanilang puso, "Siya'y si Beelzebub." At natalos Niya ang mga iniisip nila. Tama ba?

125 Sinabi Niya, "Hindi Ako gumagawa ng anuman hanggang sa ipakita muna sa Akin ng Ama. At ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Kaya marapat nga Siya, kung gumagawa Siya sa Kanyang Iglesya, dahil 'yun ang Kanyang Salita.

126 Ngayon gusto ko kayong tanungin. Kung mayroon ba sa mga tagapakinig dito, kahit dalawa o tatlo lang sa inyo, na ipagkaloob ng Panginoon na magkaroon sila ng sapat na pananampalataya para mahipo ang Kanyang damit, at babalik Siya sa Kanyang Espiritu at gagawin ang eksaktong katulad ng ginawa Niya noong narito Siya sa lupa, haya't masisiyahan ba kayong lahat na tanggapin Siya bilang inyong tagapagpagaling? Tatanggapin n'yo ba Siya? Sabihin n'yo, "Amen," kung tatanggapin n'yo. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ipagkaloob nawa Niya ito, 'yan ang dalangin ko. Ngayon kung mananalangin lamang kayo. At kung inyong . . .

127 Ilang mga maysakit dito ang nais gumaling, itaas n'yo ang inyong kamay. Talagang sa lahat ng dako, sige, mga maysakit na nais gumaling.

128 Ngayon, kung may sinuman sa gusaling ito na aking . . . wala akong kakilala sa mga nakikita ko.

129 Sa tingin ko si Rosella ito na nakaupo rito, 'yung munting babae na mapaglasing noon, na tinawag sa pagtitipon sa isang lugar, matagal nang lasinggera, at tinanggihan na siya ng mga doktor. Siya, noong tinawag siya ng Panginoon, alam nung babae na di ko pa siya kailanman nakikita o kilala man lang noong panahon na 'yun. At sinabi ng Panginoon sa kanya ang tungkol sa buhay niya at ang kanyang kalagayan, at sinabi sa kanya na gagaling siya. At heto siya ngayong gabi, isang tropeo ng biyaya ng Diyos. Isang lango sa alak noon, na anupa't tinanggihan siya ng iba't ibang doktor, maging ng Alcoholics Anonymous. Kilala ko siya.

130 Pero, liban sa kanya, sigurado akong ang kapatid na lalaking ito na nakatingin sa akin, nakaupo rito mismo na nakasuot ng kulay abong terno, siya ang kapatid na nagdadala sa atin ng mga bulaklak. Naniniwala akong tama 'yun. Hindi ko—hindi ko lang maisip ang pangalan niya ngayon. Nagpunta siya sa bahay ko kamakailan lang, kasama ni Kapatid na Boze; si Shultz, Kapatid na Shultz.

131 Maliban sa kanila, parang nakita ko si Kapatid na Fred Sothmann kani-kanina lang, sa isang lugar dito sa gusali, pero nakalimutan ko na kung saan. Ganoon pa man, nakita ko siya, nandito siya sa kung saan.

132 Kaya wala na akong—wala na akong kilala pa na iba. Pero kilala kayong lahat ng Diyos. Kung mananalangin lamang kayo at hihiling sa Diyos, subukin n'yo ang inyong pananampalataya.

133 At wala pong magpapalipat-lipat ng puwesto. Maging tunay na mapitagan sa susunod na ilang sandali. Ngayon, *Only Believe*, kung mamarapatin n'yo. At talagang magpitagan hangga't maaari sa loob ng ilang sandali, at pumirmi lang nang tahimik.

134 Bulayin n'yo, ipinangako ito ni Cristo. "Kaunting panahon pa, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunman makikita ninyo Ako, sapagkat Ako. . . " ("Ako," hindi iba. Ang *Ako* ay isang panghalip panao.) " . . . Ako'y kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Ang mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin n'yo, rin naman." "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Totoo ba 'yun? Tunay ngang totoo 'yun.

135 Buweno, lubos akong nagpapasalamat sa Panginoon. Aking. . . Maaari n'yong itaas ang inyong mga ulo kung ibig n'yo.

136 Dito mismo sa sulok, may isang ginang na nakaupo mismo rito sa sulok. Isa itong babaing itim. Ginang, hindi kita kilala. Kilala ka ng Diyos. Pero hayan ang Liwanag na 'yan na nasa ibabaw mismo nung babae ngayon. Mayroon siyang. . . Kung ihahayag ng Panginoon sa akin kung ano ang problema mo, at kung tungkol saan ang ipinapanalangin mo, mananampalataya ka bang Ito ang Panginoong Jesus na tutulong sa iyo? May problema ka marahil, o may isang bagay na ninanais mo, dahil hayan Ito.

137 Kita n'yo, mga kaibigan, sinasabi n'yo, "Buweno, hindi ko Ito nakikita." Posibleng hindi n'yo nga nakikita Ito. Nakatingin ako nang diretso mismo Rito. Kita n'yo? Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, kung nakikita mo Ito gamit ang iyong mga pandama, kaya ko, rin." Oh, hindi.

138 Nakita Yun ni Pablo, si Jesus sa anyo ng isang Liwanag, at 'yung mga kasamahan niya'y hindi Ito nakita. Kita n'yo? Nakita ng mga Pantas ang Bituwin, ang Liwanag na nanguna sa kanila, pero wala nang iba pa ang nakakita Nito. Para lang Ito sa ilan. Ito'y mga kaloob.

139 May problema sa sinus ang babae. Tama. Mayroon ka ring sakit sa puso. Ganoon nga mismo. Makinig ka, ang pangalan mo ay, ang tawag nila sa'yo ay "Essie." Um-hum. Ang apelyido mo ay Upshire. Um-hum, um-hum. Nakatira ka sa North Cleveland Street. Ang tirahan mo ay 1264. Ganoon nga mismo. Ang iyong. . . May Bagay ka na nahipo, ginang. Alam mong hindi ako ang nahipo mo.

140 Ang babaing nakaupo riyan sa tabi mo, nananalangin din siya, hayan nga. At nananalangin siya para sa iba, at para nga sa nanay mo, at may diperensya siya sa kanyang mga baga. At

konektado ka sa babaing ito *rito*. Ikaw ang manugang niyang babae. At ang pangalan mo ay Margaret. Tama. At nakatira kayo sa parehong lugar. Nakikinita kita na pumupunta, at pumasok.

141 Anong saloobin mo rito, ginoo, diyan sa kasunod na lalaking nakaupo riyan? Nananampalataya ka bang si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos? Naniniwala ka ba? Kung ipapahayag ng Panginoon sa akin kung ano ang problema mo, tatanggapin mo ba Siya? May sakit ka sa tiyan. Tama. Kung tama, tumayo ka. Tama nga. Isa kang mangangaral.

Marahil, sasabihin n'yo, "Tinitingnan niya kasi ang damit ng taong 'yun na pang-ministro."

142 Sige, bukod doon, aakalain ng iba na isa kang Presbyterian, pero isa kang Pentecostal na mangangaral. Siyanga. Amen. Ang nerbiyos mo ang nagdulot sa iyo ng ulcer. Wala na ito. Makakauwi ka na't maging magaling ka na, kapatid. Amen.

Manampalataya ka sa Diyos. Basta huwag kang mag-alinlangan.

143 Anong saloobin mo, ikaw na nakaupo rito? Oo. Uh-huh. Nananampalataya ka ba? Naniniwala ka ba na lingkod ako ng Diyos? O, may minimithi kang bagay mula sa Diyos? Kung ipapahayag sa akin ng Diyos kung ano ang nais mo, mananampalataya ka bang nagaganap ang Sobrenatural? Nananampalataya ka ba rito, nang sadyang kung ano ang sasabihin mismo ni Jesus? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Buong puso ko po."—Pat.] Buong puso mo. Mayroon kang bukol, at nandiyan sa balakang mo 'yung bukol. Tama. At may sakit ka rin sa tiyan. Sanhi ito ng kondisyong pagkanerbiyos. Siyanga. Uh-huh. Ang pangalan mo ay Eva May. Readman ang apelyido mo. Nakatira ka sa isang kalye, 1378 West 13th Street. Tama.

Para malaman mong lingkod ako ng Diyos, anak mong babae 'yang nakaupo riyan. Nagnanais ka ng panalangin para sa kanya. May pagdurugo ang munting bata, at nagkakaroon siya nun kapag nagugulat siya o umiiyak nang husto. Siyanga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

Ang munting batang lalaking 'yan ay kapatid niya. Tama. Ang munting batang lalaki, rin, siya'y ibig mong maipanalangin. Binabagabag siya ng hirap sa pagdumi, at malaki ang ibinagsak ng timbang niya kamakailan lang, din. Hindi ba? Siyanga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

144 Ang babaing puti na nakaupo sa tabi mo, parang may bumabagabag sa kanya. Nananampalataya ka ba, kapatid na babae? Naniniwala ka bang ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak, si Jesus Cristo, para ipahayag sa lahing Gentil na malapit na Siyang dumating? May problema ka sa glandula na nagpapahirap sa iyo, at mayroon ding problema sa colon, at ninenerbyos ka. Hindi ka taga-rito sa siyudad na ito, mangyari nga. Taga-Detroit ka. Ang numero mo, kung saan ka nakatira,

ay 12134 Fandler Street. Tama. Detroit, Michigan. Isa kang Italyano. Ang pangalan mo ay Viola P-o-l-o-m-. . . Polomba. Uh-huh. Manampalataya ka sa Diyos, at tanggapin mo kung ano ang hinihiling mo.

145 Ano ang saloobin n'yo, sa mga narito sa gawing ito? Naniniwala ba kayo nang buong puso n'yo?

146 Ano naman ang saloobin mo, munting ginang na nakaupo riyan? Nananampalataya ka ba nang buong puso mo, munting ginang sa dulo riyan? Buweno, alinman sa inyo, hindi na mahalaga. Anong saloobin mo, ikaw diyan, sa tabi niya mismo? Nananampalataya ka ba nang buong puso mo, 'yang munting nanay na nakaupo, na nakatingin sa akin? Ano ang saloobin mo tungkol dito? Nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Panginoon Jesus sa mga bugkol-bugkol na ugat na mayroon ka? Nananampalataya ka ba? Marahil bubulayin mo ito, na mas maniniwala ka kung sasabihin ko sa iyo na ang asawang lalaki mo ay may problema sa tainga. Ibig mong maipanalangin siya. Ganoon nga mismo. Uh-huh. Ngayon naniniwala ka na ba sa akin? Hindi mo ito nakukuha, sa una. Medyo nabuhayan ka roon, dun sa bagay na 'yun, dahil natanggap mo ang kagalingan mo sa mismong sandali na 'yun.

147 Ikaw na nagtaas ng kamay mo, kasunod niya, ginang. Anong saloobin mo tungkol dito? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Alam kong kaya Niya."—Pat.] Mananampalataya ka? Sige, kung ganoon ay lilisanin ka ng iyong artritis. Makasasampalataya ka ba? Huh?

148 Anong saloobin mo, ginoo, ikaw na kumaway ng mga kamay mo? Nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos sa iyong sakit sa puso, na paiigihin ka? Nananampalataya ka bang gagawin nga Niya?

149 Ikaw, na nakaupo't, nakatingin sa kanya riyan, nananampalataya ka rin, ba? Ibig mong ang Diyos. . . May sakit ka sa puso, rin. Hindi ba? Oo. At may diyabetis ka, rin. Siyanga. Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Kung ganoon mapapasaiyo ang kagalingan.

Hindi ba't nananampalataya kayo? Manampalataya kayo sa Diyos!

150 Sa banda naman dito? Ikaw, ginoo, na nakaupo riyan sa dulo ng upuan, nananampalataya ka ba? Dapat kang manampalataya. Kagagaling mo lang. Nagkaproblema ka sa paa, hindi ba? Nananampalataya ka na ang Panginoong Jesus. . . Pero may ipinapanalangin kang iba ngayon, 'yun ang kapatid mong lalaki, at siya'y nasa Wisconsin. Kaka-opera lang sa kanya sa baga niya. Kalahati nun ay tinanggal. Tama. Nananampalataya ka ba? Kung ganoon ay matatanggap mo ang hinihiling mo.

Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon!

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory, all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

151 Banal na Panginoon, makikita Ka namin balang araw doon sa Kalangitan. Alam po naming narito Ka ngayon sa isang espirituwal na Katawan, na ganap na ipinahayag Mo ang Iyong Sarili sa amin. Hindi 'yun mababasa ng mundo, Panginoon. Ni hindi namin inaasahan, dahil sinabi Mo, "Hindi na nila Ako makikita." Pero batid naming may mga anak Ka na nakakakita sa Iyo. May mga anak kami na nakakakilala sa Iyo. At nagpapasalamat kami dahil dito.

152 At idinadalangin namin ngayon na dumaan Ka sa gusaling ito, sa pamamagitan ng dakilang Espiritu Santo, at pagalingin ang bawat taong maysakit dito. Ngayon din ay tumanggap Ka ng kaluwalhatian sa Iyong Sarili, Panginoon. Huwag nawang manatili ang mga tao sa kamatayan, kundi bumangon nawa sila at magliwanag, at—at papurihan ang Diyos at luwalhatiin. Sa Pangalan ni Jesus.

153 Kung sinasampalatayanan n'yo Siya, tumayo kayo at papurihan Siya nang buong puso n'yo. At magalak sa Panginoong Jesus, dahil Kanya na ngayong pinagaling ang bawat isa sa inyo, para sa Kanyang dakilang Makalangit na kaluwalhatian. Pagpalain kayo ng Panginoon. Amen.

58-0108 Ang Sulat-Kamay Sa Dingding
Lane Tech High School
Chicago, Illinois U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org